

Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Adobe Express

Na-update noong Oktubre 7, 2024. Pamalit sa lahat ng naunang bersyon.

Pinamamahalaan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang iyong paggamit sa Adobe Express at isinasama ito sa pamamagitan ng pagbanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na makikita sa www.adobe.com/go/terms_ph (ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinutukoy bilang "**Mga Tuntunin**"). Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin.

1. Mga Third-Party na Serbisyo. Ang Adobe Express ay may kasamang mga feature na nagbibigay-daan sa iyong gumamit at maghanap ng content mula sa mga independiyenteng third-party na serbisyo mula sa user interface ng Adobe Express at direktang mag-import ng nasabing content papunta sa iyong Customer Project (tulad ng tinutukoy sa ibaba). Ang ilang third-party na serbisyo o content ay maaaring ialok para lang sa personal at di-komersiyal na paggamit. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa Mga Karapatan sa Paggamit ng Image: https://www.adobe.com/go/express-imageusage_ph. Bilang paglilinaw, ipinapataw ang lahat ng iba pang kinakailangan sa Mga Pangkalahatang Tuntunin hinggil sa paggamit ng mga third-party na provider.

2. Personal na Impormasyon ng Mga Bisita ng Adobe Express. Sa pagitan nating dalawa, tanging ikaw ang may responsibilidad para sa lahat ng personal na impormasyong maaari mong kolektahin mula sa mga bisita sa iyong mga Customer Project kapag tiningnan, in-access, o ginamit ng mga nasabing bisita ang iyong mga Customer Project. Ang ibig sabihin ng "**Mga Customer Project**" ay ang mga proyektong ginagawa mo gamit ang Adobe Express gaya ng mga video, web page at graphics. Dapat mong gawin ang sumusunod:

(A) sundin ang lahat ng batas at patakaran sa pagprotekta ng data at privacy na angkop sa personal na impormasyon ng mga bisita sa iyong Mga Customer Project, kung saan maaaring kasama ang paggawa ng patakaran sa privacy na available o kasama sa iyong Mga Customer Project, pagpapakita ng cookie banner, pagkuha at pagpapanatili ng pahintulot, atbp.; at

(B) ipagtanggol, bayaran ng danyos, at ipawalang-sala kami laban sa anumang paghahabol, kaso, pagdinig na inihain laban sa amin ng mga bisita sa iyong Mga Customer Project kaugnay ng anumang pagkilos o hindi pagkilos hinggil sa personal na impormasyon ng mga nasabing bisita.

3. Mga Content File na mga Adobe Stock Asset. Saklaw lang sa seksiyong ito ang Mga Content File na mga Adobe Stock asset din at dagdag ito sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto ng Adobe Stock. Maaari kaming magpataw ng mga teknikal na limitasyon sa pag-download, pag-export, o pagbabahagi ng mga Adobe Stock asset, kasama na ang paglilimita sa paggamit ng mga Adobe Stock asset sa loob ng awtorisadong Software at Mga Serbisyo, at hindi mo dapat subukang iwasan ang mga teknikal na limitasyong ito. Para sa anumang Adobe Stock asset na iniaalok sa ilalim ng isang "Limitadong Lisensya", hindi mo dapat isama ang asset sa mga merchandise o template file na nilalayan para sa pagbebenta o pamamahagi sa labas ng Software at Mga Serbisyo ng Adobe maliban kung ang End Use ay isang orihinal na akda.

4. Mga Third-Party na Platform.

4.1 Ang Adobe Express ay may kasamang mga feature, gaya ng social media post planner, na maaaring kumonekta sa mga third-party na platform, hal., Instagram o iba pang mga social media platform. Sa pamamagitan ng pag-enable sa paggamit ng Mga Serbisyo sa anumang third-party na platform, pinahihintulutan mo kaming i-access ang iyong mga account sa mga nasabing third-party na platform para sa mga layuning inilalarawan sa Mga Tuntuning ito. Tanging ikaw ang may responsibilidad para sa pagsunod sa anumang nauugnay na mga tuntunin at kundisyon ng mga third-party na platform. Hindi namin ginagarantiyahang pananatilihin namin ang mga integration sa anumang third-party na platform at maaari naming i-disable ang mga integration ng Mga Serbisyo sa anumang third-party na platform anumang oras nang walang abiso sa iyo.

4.2 Wala kaming responsibilidad para sa anumang pag-access o paggamit ng iyong Content ng mga third-party na platform o mga produkto o serbisyo ng mga ito. Tanging ikaw ang may responsibilidad para sa iyong desisyong pahintulutan ang anumang third-party na platform na gamitin ang iyong Content. ITINATANGGI NAMIN ANG LAHAT NG PANANAGUTAN AT RESPONSABILIDAD PARA SA ANUMANG PRODUKTO O

SERBISYO NG THIRD-PARTY NA PLATFORM (SUPORTA MAN, AVAILABILITY, SEGURIDAD O IBA PA)
O PARA SA MGA PAGKILOS O HINDI PAGKILOS NG ANUMANG THIRD-PARTY NA PLATFORM.

Adobe-Express-Product-Specific-Terms-fil_PH-20241007